



دار زايد للثقافة الإسلامية
Zayed House For Islamic Culture

Ang Papel ng Pamilya sa Pagpapatupad ng Kultura ng Pag-unawa



zhic.uae @zhic_uae zhic_uae zhic

800 555



اتصل على
JUST CALL

P.O Box: 16090, Al Ain, U.A.E
www.zhic.ae contact@abudhabi.ae

Ang pamilya ay may pangunahing papel sa panlipunan sa pagsasatupad ng mga mabubuting kaugalian; lalo na ang ugali ng pag-unawa na inaasam-asam ng lahat ng pananampalataya. Bilang makatuwirang likas ng tao sa panlipunang paggawi, tinitiyak nito ang pagkakaroon mapayapa at maayos na pamumuhay kasama ang iba sa konteksto ng pagkakaiba-iba ng kultura. Layunin nito ay upang makamit ang espirituwal na katatagan, kasiyahan sa sarili at pag-unlad ng lipunan.

Bukod dito, ang pamilya ang unang hakbang ng isang tao; mula sa pagkapanganak hanggang sa paglaki. Nakukuha niya dito ang mga kaugaliang mula sa kanyang mga magulang, na mananatili sa kanyang buong buhay. Sa abot ng makakaya ng pamilya, nararapat na pahalagahan nila ang magandang samahan sa pagitan ng bawat myembro nito.

Para naman sa pakikitungo ng bawat myembro sa iba, nilikha ang isang tao na natural na palakaibigan, mapag-unawa at sibilisado, kahit pa ang isang kamag-anak ay kabilang sa ibang sekta, lahi o pananampalataya. Kaya, ang isang mapag-unawa na miyembro ng pamilya ay positibong nakikipag-ugnayan hindi lamang sa ibang mga miyembro, kundi pati na rin sa kasalukuyang maraming kultura sa mundo.

Ang Allah ay nagwika 'O sangkatauhan! Aming nilikha kayo mula sa isang pares ng lalake at babae, at Aming ginawa kayo sa maraming bansa at mga tribo upang mangakilala ang isa't-isa [Alhujrat:13]. Ito ay maisasakatuparan kasama ang maayos na paniniwala, moderasyon, bukas na pag-iisip at pag-unawa.

Kaya, ang wastong pangangalaga ng pamilya ay ang pinagmumulan ng mabubuting kaugalian na pinagmumulan naman ng pag-unawa. Pagu-unawa na maglilikha ng kultura at matibay na pagkaka-isa. Kapansin-pansin na sa pamilya, ang pag-unawa ay mahalaga para sa positibong katangian ng tao na sasalamin sa buong lipunan.

Ang isa sa mga pinakamahalagang epekto ng pag-unawa ng pamilya sa indibidwal at lipunan ay nakapagpapatibay ito ng ugnayan, kaligayahan, at magandang kalagayan. Bukod dito, ito ay nag-aalis ng anumang hindi pagkakaunawaan ng pamilya, kawalan ng respeto at kawalan komunikasyon. Nakakatulong ang pag-unawa para magkapatawaran ang isa't-isa sa mga nagawang kamalian. Ang Allah ay nagwika, 'Kaya ikaw ay magpatawad, ng may magandang pagpatawad' [Alhirj:85]. Ang nabanggit na talata ay halimbawa ng mga magagandang katangian, dahil ito ay nagpapakita ng pagpatawad at pagpapa-ubaya.

Bilang pangwakas, nabanggit sa hadith -'Ang pinakamabuti sa inyo ay siya na pinakamabuti sa kanyang pamilya; at ako ang pinakamainam sa inyo pagdating sa aking pamilya ' [Tirmidhi]; - ibig sabihin ay pinakamabuti siya pagdating sa mga mabubuting gawa, lalo na sa pag-unawa sa pamilya. Dahil sa pag-unawa lalago ang tiwala sa sarili, kasama nito ang pagsasama at pagkaka-isa na magbubunga ng katatagan, mas mahusay na kinabukasan, pakikipagtulungan at ugnayan sa mga bahagi ng lipunan.